


PANANALANGIN KASAMA ANG IBA: ANG KAHALAGAHAN NG RELASYON



Review: We have now established five principles for dynamic prayer meetings:

1. They _____ on God
2. They _____ to Him from the heart
3. They sought _____ His kingdom
4. They _____ His answers and activity and responded
5. They cast their _____ on the Lord

Ang susunod na tatlong pag-aaral ay nakatuon sa pananalangin kasama ang ibang kapatid.

Focus on God

1. Makikita natin ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa tuwing ipinapakita rin natin ang pag-ibig natin sa isa't isa. Basahin ang Acts 2:42-47, 4:32-35, at 5:12-16, 41-42. Ang pagkilos ng Diyos ay resulta ng lalim ng kanilang *koinonia* (fellowship o pagsasama-sama bilang magkakapatid).



Mga Bagay na Ginawa ng mga Mananampalataya	Mga Bagay na Ginawa ng Diyos

2. Mas epektibo tayong nakakapanalangin kasama ang mga taong minamahal natin. Nakaugnay ang panalangin sa relasyon natin sa isa't isa. Kung may mga alitan sa isa't isa, hindi ka makakapanalangin mabuti. Kung hindi mo rin gaanong kilala ang mga kasama, hindi rin magiging ganoon kalalim ang panalangin. Ngunit sa mga taong naglalaan ng oras sa isa't isa, kumakaing magkakasama, at nagsasakripisyo para sa isa't isa, likas na gawain ang panalangin. Magiging panlabas lang ang panalangin kung hindi nagiging malalim ang pagkakakilala natin sa isa't isa.
3. Dapat mong gawin ang anumang nakapagpapatibay ng relasyon. Mas magiging epektibo ang panalangin natin kung may oras din tayong bumisita (at makikain) sa bahay ng iba nating kapatid, nagtatawagan o nag-uusap maging sa mga karaniwang araw, naglilingkod na magkakasama, atbp. Tanong: Gaano karaming oras ang inilalaan natin kasama ang iba nating kapatid? Nagdadamayan ba tayo sa mga pagsubok na dinaranas ng ating mga kapatid? Kung malalim ang relasyon natin, asahan nating magiging malalim din ang ating panalangin.

Responding to God

1. Lapitan ang dalawang tao at sabihin kung bakit ka nagpapasalamat sa Diyos dahil sa kanya.
2. Sino ang maaari mong maipanalangin ngayon upang ipakita ang pag-ibig mo sa kanya? Ano sa tingin mo ang pangangailangan niya na nais tugunin ng Diyos?
3. Ipanalangin sa Diyos na maging pagpapala ka sa isang kapatid sa susunod na mga araw.



Kingdom Prayer List

Ipanalangin ang mga sumusunod:

1. Paglagong espirituwal ng bawat isa.
2. Mga pangangailangan sa iglesia.
3. Revival sa mga miyembro ng iglesia.
4. Mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo sa iba.



Present Your Requests: Manalangin sa inyong grupo para sa mga personal na kahilingan.



¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).